COVID-19 VACCINE
Public Health Advice

# Ang iyong mga booster sa Covid-19

## sa Pagbubuntis

Inilathala ng HSE noong 16 Setyembre 2022

Bersyon 2

Rialtas na hÉireann
Government of Ireland

## Bakit kailangan kong magpaturok ng susunod na bakuna para sa COVID-19?

Importante ang maging sunod sa panahon ang iyong bakunang COVID-19, kahit nabakunahan na or nagka-COVID-19 ka na. It ay dahil sa:

- ang proteksyon na galing sa iyong naunang mga bakuna o ang protekyson na nakuha mo noong nagkasakit ka ng COVID-19 ay maaring humina sa paglipas ng panahon
- maaring ikaw ay nasa mas mataas na pangnanib para sa malalang karamdaman kapag nahawa ka ng COVID-19

ang COVID-19 ay isang panganib sa kalusugan mo at ng iyong sanggol. Karamihan sa mga buntis na nagkaka-COVID-19 ay mayroong bahagya hanggang katamtamang sintomas. Gayunpaman, mas mataas ang posiblidad na ikaw ay magkasakit at mangailangan ng masinsinang pagaaruga keysa sa mga hindi nagbubuntis. Ang virus ay maaring maging sanhi ng komplikasyon para sa iyong sanggol, kabilang ang maaga o panganganak ng patay.

Ang mga batang wala pang 1 taon ay nasa mas mataas na panganib na ma-ospital at sa malalang sakit mula sa COVID-19. Ang mga sanggol na ang ina ay nabakunahan sa pagbubuntis ay may mababang posibilidad na mangailangan ng pangangalaga sa ospital na pang-COVID-19.

Ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 habang ikaw ay buntis ay makakapagbigay sa iyo at sa iyong sanggol ng pinaka-mabisang proteksyon laban sa COVID-19.

## Ilang mga dose ng bakunang pang-COVID-19 ang kailangan ko?

Kung nakuha mo na ang unang round (kadalasang 2 mga dose ito) at isang dose ng booster bago ka nabuntis, maari kang kumuha ng pangalawang booster sa o pagkatapos ng 16 na mga linggo ng pagbubuntis (hindi bababa sa 4 na mga buwan pagkatapos ng iyong unang booster).

Kung ikaw ay nakatanggap ng unang booster sa kasalukuyang pagbubuntis, hindi na kailangan ng pangalawang booster.

Kung hindi mo pa nakukuha ang kahit anuman sa mga bakunang ito, maari mong makuha ang unang round ng bakunang pang-COVID-19 o unang booster sa ano mang yugto ng pagbubuntis.

## Kailan ako dapat magpa-booster?

Ikaw ay dapat magpa-booster ng hindi bababa sa 4 na mga buwan pagkatapos ng iyong huling bakunang pang-COVID-19. Kung ikaw ay nagkaroon na ng COVID-19, dapat maghintay ka ng hindi bababa sa 4 na mga buwan bago kumuha ng iyong booster.

## Aling bakuna ang iaalok sa akin para sa aking booster?

Tatlong inangkop na mRNA na bakuna sa COVID-19 ang inirekomenda bilang mga booster na dosis ng National Immunization Advisory Committee (NIAC) sa Ireland, kasunod ng pag-apruba ng European Medicines Agency (EMA). Ang mga bakunang ito ay:

- Comirnaty® BA.1 (Pfizer vaccine)
- Comirnaty® BA.4-5 (Pfizer vaccine)
- Spikevax® BA.1. (Moderna vaccine)

Ang mga inangkop na bakuna ay maaaring ibigay habang nagbubuntis. Bagama't nag-aalok ang lahat ng nakaraang bakuna ng proteksyon laban sa COVID-19, ang mga inangkop na bakuna ay inaasahang magbibigay ng mas malawak na proteksyon laban sa mga variant ng COVID-19.

## Ano ang alam natin tungkol sa kaligtasan ng mga booster?

Mayroon tayong mas kaunting impormasyon ukol sa kaligtasan ng pangalawa at mga sumunod na COVID-19 booster. Gayunpaman, maraming bansa ang nakapagbigay na sa kanilang mga populasyon ng maraming mga dose ng bakunang pang-COVID-19. Pinapakita ng mga pagsusuri na walang anumang hindi inaasahang alinta sa kaligtasan sa ngayon para sa mga taong nakatanggap na ng maraming booster.

Inaasahan na ang kaligtasan ng mga inangkop na bakuna ay magiging katulad ng mga naunang bakuna. Ang kaligtasan ng mga bakuna ay patuloy na susubaybayan ng EMA.

Ang lahat ng inangkop na bakuna ay naglalaman ng Trometamol kaya hindi mo ito makukuha kung nagkaroon ka na ng anaphylaxis (malubhang reaksiyong alerhiya) sa Trometamol.

## Ang mga bakunang booster ba ay lisensyado ng European Medicines Agency (EMA)?

Ang pangalawa at mga sumunod na booster ng mRNA na bakuna ay hindi pa naaprubahan ng EMA.

Ang mga rekomendasyon ng NIAC ay pwedeng mag-iba sa rekomendasyon ng EMA dahil sa lokal na datos at mga konsiderasyon. Sa Ireland, sinusunod natin ang payo ng NIAC.

## Maari bang kumuha ng bakunang pang-COVID-19 kasabay ng ibang mga bakuna?

Oo. Kung ikaw ay nakatakdang kumuha ng bakunang pangtrangkaso o petussis (malubhang ubo), maaari mong isabay ang pagkuha ng kahit anong bakunang pang-COVID-19.

Inirerekomenda ang bakunang pang-petrussis (whooping cough) sa pagitan ng ika-16 hangang 36 na linggo ng pagbubuntis at maaaring makakuha nito nang buong taon, kadalasan mula sa iyong GP.

## Higit pang impormasyon

Maaari kang magbasa ng higit pa sa **hse.ie/covid19vaccine o tawagan ang aming koponan sa HSELive on 1800 700 700.** Kami ay bukas mula 8am hangang 8pm Lunes hangang Biyernes nang 9am hangang 5pm sa Sabado at Lingo.

Maaari ring magtanong sa iyong GP, nars, parmasyotiko or tagabigay ng bakuna.

**Inilathala ng HSE noong 16 Setyembre 2022**

**Bersyon 2**

Rialtas na hÉireann
Government of Ireland